



### WARM-UP

- Ikuwento ang isang pagkakataon na kinailangan mong ikutin ang isang lugar na hindi mo kabisado. Ano ang nangyari?
- Naranasan mo na bang magtrabaho o gumalaw sa gitna ng madilim na lugar? Ano ang nangyari?
- Sa anong mga sitwasyon ka magtitiwala sa isang tao na hindi mo kilala? Magkuwento tungkol sa mga pagkakataong ito.

**WORD** *Dahil sa pananampalataya, pinakinggan ni Noe ang babala ng Diyos tungkol sa mga bagay na mangyayari kahit hindi pa niya nakikita. Kaya gumawa siya ng isang barko para mailigtas niya ang kanyang sarili at ang pamilya niya. At sa pananampalataya niya, hinatulan ang mga tao sa mundo, pero itinuring siyang matuwid ng Diyos. **MGA HEBREO 11:7***

Si Noe ay napabilang sa bulwagan ng pananampalataya sa aklat ng Mga Hebreo dahil sa kanyang agad-agad na pagsunod sa utos ng Diyos na magtayo ng isang barko bilang paghahanda sa isang pagbaha. Narinig niya ang Diyos at sumunod siya sa Kanya kahit hindi pa siya nakakakita ng baha sa buong buhay niya. Itinayo niya ang buong barko dahil sa pananampalatayang ito. Si Noe ay may dakilang pananampalataya sa kabila ng mga hindi niya nakikita at nalalaman. Narito ang tatlong bagay na matututunan natin mula sa kanya.

## 1 | Maniwala sa Salita ng Diyos.

*<sup>13</sup>Kaya sinabi niya kay Noe, "Lilipulin ko ang lahat ng tao. Dahil sa kanila, lumaganap ang kasamaan sa mundo. Lilipulin ko sila kasama ng mundo. <sup>14</sup>Kaya ikaw Noe, gumawa ka ng barko mula sa matibay na kahoy, at gawan mo ito ng mga kwarto. Pagkatapos, pahiran mo ng alkitran ang loob at labas ng barko."*

**GENESIS 6:13,14**

Si Noe ay isang matuwid na tao, walang kapintasan sa kanyang henerasyon. Namuhay siya kasama ang Diyos (Genesis 6:9). Malinaw na sinabi ng Diyos kay Noe na lilipulin Niya ang lahat ng tao na ginawa Niya dahil sa kanilang kasalanan. Sinabihan din Niya si Noe na magsimulang magtayo ng barko na magliligtas sa kanya at sa kanyang pamilya sa paglipol na ito. Kahit pa wala pang ganitong kaganapan sa buong kasaysayan, naniwala si Noe sa sinabi ng Diyos. Paano natin mapapalakas ang ating pananampalataya sa kabila ng mga bagay na hindi natin nalalaman?

---

---

## 2 | Sumunod sa Salita ng Diyos.

*<sup>22</sup>Sinunod ni Noe ang lahat ng iniutos ng Diyos sa kanya . . .  
<sup>5</sup>Sinunod ni Noe ang lahat ng iniutos ng Panginoon sa kanya.*

**GENESIS 6:22; 7:5**

Hindi lamang naniwala si Noe sa sinabi ng Diyos sa kanya. Sinunod din niya ang utos na ito. Nagawa niya ang barko matapos ang isang daang taon. Kailangan ni Noe ng pananampalataya upang maitayo ang barko sa loob ng napakahabang panahon, at nanalig siya na mangyayari ang sinabi ng Diyos. Ano ang isang utos mula sa Diyos na sinunod mo o hindi sinunod?

---

---

### 3 | Ipahayag ang Salita ng Diyos.

*Hindi rin kinaawaan ng Diyos ang mga tao noong unang panahon dahil sa kasamaan nila, kundi nilipol silang lahat sa baha. Tanging si Noe na nangaral tungkol sa matuwid na pamumuhay at ang pito niyang kasama ang nakaligtas. **2 PEDRO 2:5***

Si Noe ay nangaral tungkol sa matuwid na pamumuhay. Ibig sabihin nito na ipinahayag niya ang kabutihan at nagbigay siya ng babala tungkol sa paparating na paghatol ng Diyos sa kasamaan sa mundo. Bilang mga anak ng Diyos, tayo rin ay dapat na nagpapahayag ng matuwid na pamumuhay sa mga nakapaligid sa atin. Paano natin mahihikayat ang mga nasa paligid natin kahit pa hindi tayo nakasisiguro sa mga susunod na mangyayari?

---

---

#### APPLICATION

- Nagtitiwala ka ba na hawak ng Diyos ang kinabukasan mo? Gusto mo bang manampalataya sa Kanya ngayon?
- Naniwala si Noe at sumunod siya sa iniutos sa kanya ng Diyos. Ano ang dalawang maaari mong gawin upang mapalalim at mapatatag ang pananampalataya mo sa Diyos sa gitna ng kawalan ng katiyakan?
- Hingin sa Diyos na ipakita sa iyo ngayong linggo ang isang tao na maaari mong bahaginan ng kapayapaan at tapang na nagmumula sa Kanya para magawa niyang harapin nang buong tapang ang kinabukasan na hindi niya nakikita.

